

Morpolohikal na Pagsusuri ng mga Salitang Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur

ANNIE Y. SAMARCA, PhD

North Eastern Mindanao State University
Rosario, Tandag City, Surigao del Sur, Philippines
ORCID <https://orcid.org/0000-0001-8132-1719>
3anniesamarca@gmail.com

MARIA LADY SOL A. SUAZO, PhD

ORCID <http://orcid.org/0000-0003-2270-1767>

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay nagsusuri ng morpolohiya ng mga salitang Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Nilapatan ito ng disenyong deskriptibong kwalitatibo. Nakuha ang mga datos mula sa panayam sa walong impormante na lehitimong mamamayan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza na naging saklaw ng pag-aaral. At mula naman ang pangalawang datos sa “The Dialect of Cantilan” ni Ong (2005) na nakasulat sa wikang Cantilangnon. Sinuri nito ang mga katangian at kaligiran ng bawat kayarian ng mga salitang Surigaonon Cantilangnon. Natukoy ang katangiang paglalapi, inuulit, tambalan at ang pagbabagong morpoponemiko ng mga salitang Surigaonon-Cantilan. Natuklasan din na may tatlong uri ng paglalapi ang pinag-aralang wika: panlaping makangalan, panlaping makadiwa at panlaping makauri. Mayroon itong 24 panlaping makadiwa, ang mga panlaping me-, mo-, no-, ma-, na-, nag-, mag-, ming-, mang-, nang-, min-, man-, nan-, maka-, naka-, tag-, -an, -on, -han, -hon, tag-+-an, tag-+-han, tag-+-hon at -e/-a. Mayroon din itong siyam na mga panlaping makauri: -on/-hon, ha-, ka-, ma-, maka-, taga- at kena- + -an/-han at walong panlaping makangalan, ang mga panlaping ka-, pa-, pag-m, pagka-, teg-, -an + -han, -an- + -an at -en- + -an/-han. Natukoy rin ang dalawang uri ng pag-uulit at dalawang uri ng kayariang tambalan.

Mga susing salita: — *Estruktura Ng Salita, Paglalapi, Pag-Uulit, Pagtatambal, Surigaonon-Cantilangnon*

I. Introduksyon

Lubhang napakalaking tungkulin ang ginagampanan ng wika sa buhay ng tao. Tunay nga itong pantao dahil ito ang pangunahing sandata sa pakikipag-ugnayan. Wika ang pinakamabisang sangkap sa paghahatid ng diwa at kaisipan. Kung gayon, mahalagang mabatid ng tao ang wastong paggamit ng kanyang wika upang makapaghatid ng malinaw na mensahe sa kanyang mga kausap. Ayon kay Misa (2021), ang wika ang dahilan kung bakit nagkakaunawaan ang mga tao, kaya’t napakahalaga ang pagtibayin ang katangian ng wikang mayroon ang isang lipunan dahil makikita rito kung paano binibigyang pagpapahalaga ang sariling wika. Kung kaya’t magkakaroon ng pagkakaisa at pagkakabuklod-buklod tungo sa iisang layunin ang bawat indibidwal o grupo ng mga tao sa ating lipunan. Tulad ng taong patuloy na nakikipamuhay sa mundong ito, nabubuhay

siyang ayon sa mundong kanyang ginagalawan, at kasabay nitong nakikipamuhay din ang kanyang wika (Pasion, 2014). Katunayan, malayang naipahahayag ang mga saloobin at mga karanasan ng bawat tao kapat ginagamit ang kanilang wikang kinagisnan (Samarca at Sandoval, 2022).

Ginagamit din ang unang wika sa paaralan para sa pagtatamo ng gamiting literasi at mapaunlad ang pamanang kultural ng kanyang kinabibilangang pangkat. Katunayan, nakapaloob sa R.A. 10533 ang Enhanced Basic Education Curriculum ng Department of Education. Ito ang naging batayan ng pagpapatupad ng K to 12 Curriculum at ang implementasyon ng Mother tongue Based Multilingual Education o MTB-MLE. Isa sa mga layunin ng MTB-MLE na maipamalas ng mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang ikatlong baitang ang kanilang kakayahang komunikatibo, replektibo at mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng katutubong wika o unang wika. Ayon sa sanaysay ni Lacsamana (2021) ang pagpapayaman ng pambansang wika sa tulong ng iba pang katutubong wika sa Pilipinas, at ang pagtataguyod sa iba pang wika sa Pilipinas sa ngalan ng pambansang wika, ay isang komplementaryong gawain—nakikinabang ang una dahil sa ikalawa at napaniningning ang ikalawa dahil sa una. Katunayang, dulot ng pagkakaroon ng iba't ibang etnikong pangkat ang bansang Pilipinas na may kani-kanilang natatanging kultura at dahil sa pangangailangan ng pakikipagtalastasan sa kapwa, natututo ang mga tao na gumamit hindi lamang ng kanilang kinagisnang wika kundi maging ng wika ng kanilang karatig na pangkat o tribo. Gayunpaman, tanging ang kanilang sariling wika ang nagpapakilala ng kanilang identidad (Pasion, 2015).

Kung gayon, lubhang mahalagang magkaroon ng malinaw na kaalaman hinggil sa palabuung ng salita ayon sa kayarian ng mga salita ng bawat wika upang makabuo ng sapat na mga lokal na kagamitan na angkop sa unang wika ng mga mag-aaral para sa kanilang mabisang pagkatuto.

Iba-iba ang unang wika ng mga Pilipino bunga ng pagiging isang multilinggwal na bansa ng Pilipinas. Ayon kay Nuncio, et al. (2020) napakayaman ng wika at kultura sa bansang Pilipinas. Ito ay nagsisilbing salamin ng gmakaugalian, gawi, pamumuhay, at mga tradisyong minana pa sa mga nakakatanda. Ito ay nagsisilbing behikulo ng pakikipag-ugnayang sosyal at sa pagdukal ng karunungan o kamalayan. Ngunit kailangan pa ring maipahayag nang wasto ang unang wika ng bawat tao sa mga kausap. Kung gayon, mahalagang mabatid ang morpolohiya nito.

Ang Surigaonon-Cantilan ay isa sa mga wikain sa Surigao del Sur. Ito ang unang wika na ginagamit ng mga mamamayan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza. Mayroong natatanging katangian ang wikang ito na nabubukod sa iba pang mga wika. Mayroon din itong sinusunod na organisasyon at tuntunin sa pagbuo ng salita. Katunayan, lubhang mahalaga ring mapag-aralan ang pag-aralan ang kayarian ng mga salita ng wikang ito upang lubos na maging malinaw at maayos itong magagamit bilang unang wika sa pagtuturo at pagkatuto lalo na sa Kindergarten hanggang sa ikatlong baitang kaugnay ng pagpapatupad ng kurikulum ng K to 12.

Kilala ang salitang palabuan sa larangan ng linggwistika bilang morpolohiya. Ito ay isang pag-aaral ng mga morpema ng isang wika at ng pagsasama-sama ng mga ito upang makabuo ng salita. Anupa't kung ang ponolohiya at tungkol sa pag-aaral ng set ng mga tunog na bumubuo ng mga salita sa isang wika, ang morpolohiya ay ang pag-aaral sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng iba't ibang morpema (Gorumba, 2021).

Tumutukoy ang morpema sa pinakamaliit na yunit ng wika na may kahulugan. Maaari itong salita o bahagi lamang ng salita. Hindi ito dapat ipagkamali sa isang pantig dahil maraming mga pantig ang walang kahulugan samantalang ang morpema ay laging may taglay na sariling kahulugan. Ang pag-aaral nina Oreiro at Martelino (2016) na nabanggit sa pag-aaral ni Bacalla (2019) ay nagsasaad na na ang mga katutubong wika ay kailangan pagyamanin at pagyabungin bilang ambag ng pag-aaral sa wika ng Pilipinas. Kahit hindi gaano ka tanyag ang wikain ngunit may mga taong gumagamit nito na kailangan igalang at unawain ang wika nila. Kaya't sa mga iskolar ng wika mahalaga na kilalanin ang mga wika sa iba't ibang sulok ng bansa upang makapagsagawa ng hambingan pag-aaral sa wika. Sa mga pagsusuri ng morpema may pagkakaibang paraan din sa pagkakabit ng mga panlapi sa mga salita at mas mayaman din sa mga panlapi. Maaaring makakitaan ng pagkakiba ng panlaping ginamit pero maaaring nanatili pa rin ang kahulugan ng mga salita. Ayon kay Gorumba (2021), Ang mga morpemang panlapi ay ikinakabit sa salitang-ugat na may kahulugang taglay at matatawag ding di-malayang morpema dahil hindi nakakatayong mag-isa. Ang mga salitang-ugat na malaya at tinaguriang pangnilalaman ay masasabing palaugnayang pangngalan. Bumubuo ng isang dibisyon ang mga panlapi at mga ingklitik. Dagdag pa niya, ginagamit ang mga panlapi upang magkaroon ng pandiwa, pang-uri, pangngalan at maging ng iilang pang-abay at panghalip.

Sa kasalukuyang pag-aaral, tinukoy at sinuri ang katangiang morpolohikal ng mga salitang Surigaonon-Cantilan. Partikular na sinuri ng pag-aaral na ito ang kayarian ng salita ayon sa paglalapi, inuulit at tambalan. Mahalaga ang pagsusuri sa morpolohiya lalo sa mga panlapi at salitang ugat. Tulad sa wikang Filipino dapat isaalang-alang ang tamang pagbubuo ng mga salita tulad ng paggamit ng mga panlapi (Bacalla, 2020). Tumutukoy ito sa anumang pagbabago sa karaniwang anyo ng isang morpema dahil sa impluwensya ng kaligiran nito. Ang kaligiran ay yaong mga katabing ponemang maaaring makaimpluwensya upang mabago ang anyo ng isang morpema. Maaaring ang nakaimpluwensyang ponema ay yaong sinusundan ng morpema o yaong sumusunod dito, bagamat karaniwang nang ang sinusundang ponema ang nakaimpluwensiya. he

II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng deskriptib-kwalitatib na pamamaraan sa pagtukoy at pagsusuri sa kayarian ng mga salita Surigaonon-Cantilan ng Surigao del Sur. Inilarawan dito ang siyentipikong pagkakabuo ng mga salitang Cantilangnon partikular sa paglalapi, pag-uulit at pagtatambal sa mga salita.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid at Lanuza (CarCanMadCarLan) na matatagpuan sa Timog-Kanluran ng Surigao del Sur. Dalawang uri ng datos ang ginamit sa pag-aaral. Nakuha ang unang datos mula sa mga impormante na mga lehitimong mga mamamayan sa mga bayan na gumagamit ng wikang Surigaonon-Cantilangnon, ang Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza. Ang ikalawang datos naman ay mula sa akdang “The Dialect of Cantilan” ni Ong (2004).

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng sampung mga impormanteng nagbigay ng sapat at malinaw na mga datos. Ang instrumentong ito ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang unang bahagi ng instrumento ay ang mga tanong na nangangailangang magsalaysay o magkuwento nang tuloy-tuloy ang mga impormante hinggil sa kanilang mga sariling nararanasan at naoobserbahan sa kanilang bayan. Sa pamamagitan ng kanilang pagsasalaysay nakuha ang iba’t ibang anyo ng salita at maging ang ang paraan ng pagkabuo nito. Ang ikalawang bahagi naman ay ang pagpapasalin sa wikang Cantilangnon ng mga nakatalang mga salita na ginamit sa kagamitang pampagtuturo ng unang wika na nakasulat sa wikang Sinugbuanong Binisaya. Panghuli ang pagpapatukoy ng katawagan sa wikang Cantilangnon ng mga larawang halaw sa kagamitang pampagtuturo sa MTB-MLE na nailathala ng Departamento ng Edukasyon.

Isinagawa ang mga mahahalagang hakbang sa pag-aaral bago sinuri at inilarawan ang pagkabuo ng mga salitang Surigaonon-Cantilan ayon sa paglalapi, inuulit at tambalan.

III. Paglalahat at Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Ang morpolohiya ay isang sangay ng pag-aaral sa linggwistiks. Tumutukoy ito sa pag-aaral ng mga morpema ng wikang Cantilangnon at ang pagsasama-sama ng mga ito upang makabuo ng salita. Morpema ang tawag sa pinakamaliit na yunit ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan. Ito ang yunit ng salita na hindi maaaring mahati pa dahil masisira na o mawawalan na ito ng kahulugan.

Sa bahaging ito, makikita ang mga paglalapi, pag-uuli at pagtatambal wikiing Surigaonon-Cantilangnon. Ginagamit na pangulong ang simbolong [] upang madaling matukoy ang morpema ng mga salita.

1.1 Paglalapi

Tumutukoy ang paglalapi sa pagbubuo ng salita sa pamamagitan ng pagsasama ng panlapi at salitang-ugat. Ang salitang-ugat ay mga payak na salitang walang kasamang panlapi. Taglay nito ang kahulugan ng kanyang sarili. Gayundin ang mga panlapi ay may kahulugan taglay, kaya’t bawat isa ay isang morpema. Tulad ng panlaping [um] na may kahulugang ‘pagganap sa kilos na

isinasaad ng salitang-ugat. Sa pandiwang ‘umawit’, ang [um-] ay nangangahulugang ‘gawin o ginawa ang kilos ng pag-awit’ kaya ang panlaping ito ay isang panlaping makadiwa.

Maaaring panlaping makauri ang mga panlapi na ginagamit sa paglalapi kapag ang nabuong salita ay pang-uri. tinatawag naman itong panlaping makadiwa kung pandiwa ang nabuong salita at panlaping makangalan kung ang nabuong salita ay pangngalan. Tinatawag din ang mga panlapi na di-malayang mga morpema sapagkat laging inilalapi sa ibang morpema. Katunayan, nagkakaroon lamang ng iba’t ibang anyo at kahulugan ang salitang-ugat kapag ikinakabit ito sa iba’t ibang panlapi.

Ang katangiang ito ng isang wika ay taglay rin ng wikang Cantilangnun dahil mayroon din itong mga katutubong salita na binubuo ng salitang-ugat at mga panlapi na makikita sa mga sumusunod na talahanayan.

Talahanayan 1. Ang mga Panlaping Makadiwa ng Wikang Cantilangnun

Ang mga Panlaping Makadiwa ng wikang Cantilangnun			
Kahulugan ng Panlapi	Panlapi	Cantilangnun	Filipino
Pagganap sa kilos na isinaad ng salitang-ugat.	me-	<i>metubag</i>	sumagot
		<i>mekadto</i>	pumunta doon
	mo-	<i>molakso</i>	lumundag
		<i>mosajaw</i>	sasayaw
	no-	<i>nokadto</i>	pumunta
		<i>notuboag</i>	sumagot
	ma-	<i>matuyog</i>	matulog
		<i>mabayong</i>	malasing
	na-	<i>nabayong</i>	nalasing
		<i>nahuyog</i>	nahulog
	nag-	<i>nagsuyat</i>	nagsulat
		<i>naghaja</i>	umiyak
	mag-	<i>maghaja</i>	iiyak
		<i>magdayag</i>	aakyat
	ming-	<i>mingdayag</i>	umakyat
		<i>mingkawas</i>	tumalon
	mang-	<i>mangdajaw</i>	magkumpuni
		<i>manghatag</i>	mamigay
	nang-	<i>nanghatag</i>	namigay
		<i>nanghunong</i>	huminto
min-	<i>mindyagan</i>	tumakbo	
	<i>minpanaw</i>	umalis	
mang-	<i>manlugos</i>	mamimilit	
	<i>mangtanom</i>	mananim	
nan-	<i>nanhuyop</i>	umihi	
	<i>nanduhoy</i>	namigay	
maka-	<i>makatuyon</i>	makalunok	
	<i>makadyagan</i>	makatakbo	
		<i>nakahaja</i>	nakaiyak

	naka-	<i>nakadayag</i>	nakaakyat
		<i>tagbaligja</i>	ibininta
	tag-	<i>taghatag</i>	ibinigay
		<i>bejaan</i>	iwanan
	-an	<i>otdan</i>	putulan
		<i>kantahan</i>	awitan
	-han	<i>suportahan</i>	tulungan
		<i>buyaron</i>	patuyuin
	on	<i>tujoon</i>	sasadyain
		<i>sugbahon</i>	iihawin
	-hon	<i>sampaluhon</i>	sasampalin
		<i>tagpaypajan</i>	pinapaypayan
	tag-...-an	<i>ag-ibanan</i>	sinamahan
		<i>tag-esturyahan</i>	pinagsabihan
	tag-...-han	<i>tag-utrohan</i>	pinalitan
	-e	<i>suyate</i>	sulatan
	e-	<i>esuyat</i>	isulat
		<i>dad-a</i>	dadalhin
	-a	<i>suyata</i>	sulatin

Tunay na morpema ang mga panlaping nabanggit dahil nagpapakita ito ng kahulugan na pagganap sa kilos na isinaad ng salitang-ugat. Tulad ng salitang *matuyog* ‘matulog’, isang panlaping morpema ang [ma-] dahil nangangahulugan ito ng kilos na isinasaad ng salitang-ugat na *tuyog* ‘tulog’. Ngunit ang panlaping [ma] ay isang di-malayang morpema sapagkat hindi ito nagkaroon ng kahulugan kapag hindi ikinakabit sa salitang-ugat.

Sa pandiwang *metubag* ‘sumagot’, ang panlaping [me-] ay nangangahulugang tapos nang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat na *tubag* ‘sagot’. Samantala, nangangahulugan ang panlapi sa salitang *mosajaw* ‘sasayaw’ na [mo-] na gagawin pa lamang ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat na *sayaw* ‘sajaw’. Katunayan, hindi lamang ang pagpapandiwa sa mga salitang-ugat ang nagawa ng mga panlapi bagkus isinasaad din nito ang aspekto ng pandiwa.

Sa mga panlaping inilahad sa talahanayan, mapapansin na ang mga panlaping [no-], [na-], [nan-], [naka-], [nag-], [me-], [ming-], [min-], [tag-], [tag- ...-an] at [tag-...-han] ay nagsasaad na tapos nang ginawa ang kilos kaya ito nasa aspektong perpektibo. Nasa aspektong kontemplatibo naman ang mga panlaping [mo-], [ma-], [mag-], [mang-], [man-], [-an], [-han], [-hon], [-e], [e-] at [a] dahil nagsasaad ito na gagawin pa lamang ang kilos ng mga salitang-ugat na nilalapan nito. Gayunpaman, matitiyak lamang ang aspektong imperpektibo kapag ang mga pandiwang ito ay ginagamit sa pangungusap at sinusundan ng pang-abay na pamanahon tulad ng *Naghaja kuman an bata*. ‘Umiiyak ngayon ang bata.’ Ipinakikita sa pangungusap na imperpektibo ang aspekto ng pandiwa na *naghaja* ‘umiyak’ dahil sa pang-abay na pamanahon na *kuman* ‘ngayon’. Walang kaibahan ang mga panlaping makadiwa na ikinakabit sa mga salitang-ugat na nagsasaad ng aspektong imperpektibo at kontemplatibo.

Sa mga panlaping inilalahad sa talahanayan, mapapansin na karamihan sa mga panlapi ay makikita sa unahan ng salitang-ugat tulad ng [me-], [ming-], [min-], [tag-], [mo-], [ma-], [mang-] at [man-] samantala may mga panlaping [-an], [-han], at [-hon] na nasa posisyong pinal ng salitang-ugat. Mayroon ding mga panlapi na makikita sa kabilaan ng salitang-ugat tulad ng [tag-...-an] at [tag-...-han] ngunit walang panlaping kabilaan na [tag-...-on] at [tag-...-hon] ang salitang Cantilangnun. Pinatunayan nito na mayroon ding uri ng panlaping makadiwa ang wikang Surigaonon-Cantilan. Ito ang unlapi, hulapi at kabilaan. Walang gitlapi at laguhan na tulad sa wikang Filipino.

Sa mga panlaping makadiwa na nabanggit, pinatutunayan na ginagamit lamang ang hulaping [-an] kapag nagtatapos ang salitang-ugat sa katinig tulad ng *otod* na hinuhulapiang ng [-an] ay nagiging *otodan* ‘putulan’. Maaari rin itong inihulapi sa mga salitang nagtatapos sa patinig na binibigkas nang may impit na tunog gaya ng salitang *bejà* na nangangahulugang ‘iwan’ na nagiging *bejaan* ‘iwanan’. Gayundin ang hulaping [-on] na makikita sa salitang *tujò* ‘sadya’ na nagiging *tujoon* ‘sasadyain’. Samantalang hulaping [-han] at [-hon] ay inihulapi sa mga salitang nagtatapos sa patinig na binibigkas nang walang impit na tunog sa hulihan nito tulad ng salitang *kanta* ‘awit’ na nagiging *kantahan* ‘awitan’ at *sugba* ‘ihaw’ na nagiging *sugbahon* ‘iihawin’.

Mapapansin din sa huling dalawang panlapi na ipinapakita sa talahanayan na totoong morpema ang [e] at [a] dahil may taglay itong kahulugan. Isa pa rin itong di-malayang morpema dahil walang tiyak na kahulugan ang mga ito kapag hindi ikinakabit sa salitang-ugat. Sa salitang *suyate* ‘sulatan’, mapapansin ang dalawang morpema, ang *suyat* at *e*. Kapag nanatiling payak ang salitang *suyat* ‘sulat’, nangangahulugan itong isang uri ng pangngalan, ngunit kapag ikinakabit ang ponemang [-e] sa hulihan nito ay magiging pandiwa ang salita. Nagsasaad ang morpemang [e] ng paggawa ng kilos ng salitang-ugat at nasa tagatanggap ang pokus nito. Halimbawa, sa pahayag na *Suyate si Merna* ‘Sulatan mo si Merna’, nagpapakita ito na nakapokus ang pandiwang *suyate* sa tagatanggap na si Merna. Ngunit, kung ang morpemang [e] ay nasa unahan ng salitang-ugat, nagpapahiwatig naman ito ng pag-uutos at ito ay nasa aspektong pangkasalukuyan gaya ng salitang *esuyat* ‘isulat’. Gayundin ang morpemang [a] na nagsasaad ng pagsasakilos ng kahulugan isinasaad ng salitang-ugat. Mapapansin ito sa salitang *suyata* ‘sulatin’ na nagsasaad din ng pokus sa layon. Nagpapatunay ang presentasyong ito na ang wikang Cantilangnun ay may mga morpemang binubuo ng isang ponema lamang, ang morpemang [e] at [a] na nagsasaad ng pagsasakilos ng kahulugan isinasaad ng salitang-ugat. Samantala, sa wikang Filipino ay may dalawang morpema na binubuo lamang ng isang ponema, ito ang ponemang [-a] at [-o] na parehong nasa pinal na posisyon ng salita at nangangahulugang kasarian ng pangngalan.

Bukod sa mga panlapi na nakapagpandiwa sa mga salita, may iba pang panlapi ang wikang Cantilangnun na nagsasaad ng paglalarawan sa kahulugan ng salitang-ugat. Ito ay mga panlaping makauri na makikita sa talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 2. Ang mga Panlaping Makauri ng wikang Cantilangnun

Ang mga Panlaping Makauri ng wikang Cantilangnun			
Panlapi	Kahulugan ng Panlapi	Cantilangnun	Filipino
	Ito ay naglalarawan sa mga sumusunod:		
ha-	distansya o layo ng lugar katangian	<i>halaju</i>	malayo
		<i>hamubu</i>	pandak
ka-	distansya o layo ng lugar katangian	<i>kalaju</i>	malayo
		<i>kagwapa</i>	maganda
ma-	katangian	<i>mabujong</i>	maingay
		<i>mayao</i>	pangit
maka-	kapangyarian	<i>makadajaw</i>	makagaling
		<i>makadaot</i>	makasira
-on	katangian	<i>yauton</i>	midyu pangit
		<i>bakakon</i>	sinungaling
-hon	katangian	<i>batohon</i>	batohon
		<i>gwapahon</i>	midyu maganda
taga-	kinaroonan	<i>taga-elaja</i>	taga-nayon
		<i>taga-bukid</i>	tagabundok
Kena...-an	sukdulang paglalarawan sa katangian	<i>kenatomjan</i>	pinakadulo
		<i>kenaangjan</i>	kinagustuhan
kena...-han	sukdulang paglalarawan sa katangian	<i>kenaeladjhan</i>	lubhang malayo sa nayon
		<i>kenatawhan</i>	kaarawan

Malinaw na ipinapakita sa talahanayan ang iba pang mga panlaping morpema ng wikang Cantilangnun na nagpapakita ng kahulugan na paglalarawan ng mga katangian na isinasaad ng salitang-ugat. Ito ang tinatawag na mga panlaping makauri. Itinuturing din itong mga di-malayang morpema sapagkat hindi ito nagtataglay ng kahulugan kapag hindi inilalapi sa salitang-ugat. Halimbawa, ang salitang *mabujong* ‘maingay’ ay binubuo ng dalawang morpema, ang panlaping [ma] at salitang-ugat na *bujong* ‘ingay’. Hindi matitiyak ang kahulugan ng panlaping [ma] kapag nag-iisa lamang ito, samantalang kapag ikinakabit ito sa unahan ng salitang *bujong* ay nabubuo ang salitang pang-uri na *mabujong* ‘maingay’.

May mga morpemang panlapi rin ang wikang Cantilangnun na parehong naglalarawan sa distansya ng lugar tulad ng *halaju* at *kalaju* na parehong nangangahulugang ‘malayo’. Walang kaibahan ang kahulugan ng morpemang panlapi na [ha-] at [ka-] kapag naglalarawan ito ng distansya ng lugar na kinaroroonan. Ngunit kapag ginagamit ito sa paglalarawan ng katangian ng isang salita, ang [ha-] ay inilalapi lamang sa mga salitang-ugat ng wikang Cantilangnun na nagsisimula sa ponemang /m/ at /l/ tulad ng *hamubo* ‘pandak’ at *halaju* ‘malayo’. Samantala, maaaring ilapi ang [ka-] sa lahat salitang-ugat ng wikang Cantilangnun. Pinatunayan lamang ng [ha-] at [ka-] na mayaman ang wikang Cantilangnun sa mga morpemang panlapi.

Ipinakikita rin sa mga halimbawang nabanggit sa talahanayan na may mga morpemang panlapi na inilalapi sa inisyral na posisyon ng salitang-ugat tulad ng mga panlaping [ha-], [ka-],

[ma-], [maka-] at [taga-]. Inilalapi naman sa posisyong pinal ng salitang-ugat ang mga panlaping [-on] at [-hon] tulad ng salitang *yauton* ‘medyo pangit’ at *gwapahon* ‘medyo maganda’. Mapapansin na inihulapi lamang ang [-on] sa mga salitang-ugat na nagtatapos sa patinig at [-hon] sa mga salitang-ugat na nagtatapos sa katinig. Ang mga panlaping [kena-...-an] at [kena-...-han] naman ay inilalapi sa posisyong kabilaan ng salitang-ugat tulad ng *kenatomjan* ‘pinakadulo’ at *kenaeladjhan* ‘lubhang malayo sa nayon’. Ipinahihiwatig ng panlaping ito ang kasukdulang paglalarawan sa kahulugang isinasaad ng salitang-ugat. Mapapansin dito ang morpemang panlapi na [-an] at [-han] na ginagamit lamang sa kabilaang anyo ng panlapi. Ginagamit pa rin ang [-an] kapag nagtatapos sa katinig ang salitang-ugat at [-han] sa mga salitang nagtatapos sa patinig. Ngunit may mga pagkakataon na kapag nagkaroon ng pagbabagong morpoponemiko ang salita ay inilalapi ang [-han] sa salitang nagtatapos sa katinig tulad ng *kenaeladjhan* na mula sa salitang *kenaeladjahan* na nagkaroon ng pagkakaltas ng ponemang /a/.

Sa bahaging ito, lubos na pinatunayan na taglay ng wikang Cantilangnun ang anyo ng mga panlaping makauri dahil ipinapakita sa paglalahad ang mga panlaping unlapi, hulapi at kabilaan. Samantalang wala naman itong panlapi na gitlapi at laguhan.

Bukod sa mga morpemang panlaping makadiwa at makauri, may mga panlapi na nagpapangalan sa mga salitang-ugat ng wikang Cantilangnun. Makikita ang mga ito sa talahanayan.

Talahanayan 3. Ang mga Panlaping Makangalan ng Wikang Cantilangnun

Ang mga Panlaping Makangalan ng wikang Cantilangnun			
Panlapi	Kahulugan ng Panlapi	Cantilangnun	Filipino
ka-	kasama sa pangkat/tao	<i>kaduwa</i>	kalaro
		<i>kaiban</i>	kasama
	nararamdaman/	<i>kapungot</i>	galit
		<i>kakuyba</i>	takot
	pangyayari	<i>kapistahan</i>	kapistahan
bagay	<i>katuigan</i>	anibersaryo	
pag-	pangyayari	<i>kahodar</i>	ari-arian
		<i>kanijugan</i>	kaniyugan
pagka-	pangyayari	<i>pagbija</i>	pag-iwan
		<i>pagpanaw</i>	pag-alis
	relasyon	<i>pagkadyaga</i>	pagkadalaga
		<i>pagkatawo</i>	pagsilang
pang-	bagay na ginagamit sa pagsagawa ng isang gawain	<i>pagkahigaya</i>	pagkakaibigan
		<i>pagkamanghud</i>	nakababatang kapatid
teg-	pangyayari/panahon	<i>panjaman</i>	panakot
		<i>pangbajo</i>	pandikdik
-an	lugar	<i>teg-uyan</i>	tag-ulan
		<i>tegpanaw</i>	alisan
		<i>buyangan</i>	sabungan
		<i>gulajan</i>	gulayan

-han	lugar	<i>baylehan</i>	sayawanan
		<i>tanuman</i>	bukirin
-en	nabuo o naisagawang bagay	<i>senuyat</i>	sulat
		<i>benuyat</i>	higaan
-en- ... -an	bagay na ginaganapan ng kilos	<i>senuyatan</i>	sinulatan
		<i>kenatuyugan</i>	pinagtulugan

Totoong may mga katutubong salita ang wikang Cantilangnun tulad ng mga nailahad sa talahanayan. Itinuturing itong panlaping makangalan dahil nakabubuo ito ng mga salitang pangngalan. Isinasaad ng mga morpemang panlapi na ito ang kahulugan na pagtukoy sa pangalan ng tao, bagay, pook at pangyayayri ng mga salitang –ugat. Gayunpaman, kapag hindi inilalapi ang mga ito sa salitang-ugat ay hindi magkakaroon ng tiyak na kahulugan dahil ito’y di-malayang morpema.

Sa bagahing ito, ang mga morpemang panlapi na inilalapi sa mga salitang-ugat ay tinatawag na panlaping makangalan dahil nakabubuo ito ng pangngalan. Halimbawa, ang panlaping [ka-] ay maaaring magbibigay ng kahulugan na tumutukoy sa pangalan ng tao, bagay, pangyayari at maging sa damdamin tulad ng mga salitang *kaduwa* ‘kalaro’, *kapungot* ‘galit’, *katuigan* ‘anibersaryo’, at *kanijugan* ‘kaniyugan’. Binubuo ang *kaduwa* ng dalawang morpema, ang [ka-] at *duwa* ‘laro’. Ang salitang payak na *duwa* ay isa ring di- tiyak na pangalan ng laro, ngunit nagkaroon ito ng isa pang pangngalan na tumutukoy sa pangalan ng tao kapag inilalapi sa inisyal na posisyon ng salita ang [ka-] dahil ito’y magiging *kaduwa* o ‘kalaro’.

Mapapansin din na ang mga panlaping makangalan ay maaaring makikita sa inisyal na posisyon ng salita tulad ng [ka-], [pag-], [pagka-], [pang-] at [teg-]. Sa posisyong pinal naman ay ang mga panlaping [-an] at [-han]. At nasa gitnang posisyon ng salita ang panlaping [-en]. Minsan makikita ang gitlaping ito at hulaping [-an] sa loob ng isang salita tulad ng *senuyatan* ‘sinulatan’. Walang panlaping kabilaan at laguhan ang mga panlaping makangalan ng wikang Cantilangnun.

1.2 Pag-uulit

Inuulit ang salita kung ang kabuuan nito o ang isa o higit pang pantig sa dakong unahan ay inuulit at batay sa kung anong bahagi ng salita ang inuulit. May dalawang pangkalahatang uri ng pag-uulit, ang ganap at di-ganap o parsyal.

Ganap ang pag-uulit kapag ang buong salitang-ugat ang inuulit tulad ng salitang araw-araw at sama-sama sa wikang Filipino. Tinatawag naman na di-ganap o parsyal ang pag-uulit kung bahagi lamang ng salita ang inuulit gaya ng aawit, tatakbo at aalis-alis ng wikang Filipino. Makikita rin ang mga katangiang ito sa wikaing Surigaonon-Cantilan sapagkat may mga katutubong salita rin ang wikang ito na inuulit.

Talahanayan 4. Mga Salitang Surigaonon-Cantilan na Inuulit ng Ganap at Di-ganap

Mga Salitang Surigaonon-Cantilan na Inuulit ng Ganap at Di-ganap	
Salitang Cantilangnon	Salitang Filipino
Ganap na Inuulit	
<i>bayay-bayay</i>	'bahay-bahay'
<i>duyum-duyom</i>	'gabi-gabi'
<i>utud-utod</i>	'putol-putol'
Di-ganap na Inuulit	
magkadtu-kadto	'magpunta'
pagdyagan-dyagan	'patakbo-takbo'
nagkaun-kaon	'kumakain'
tag-abay-abajan	'inalalayan'

Mga salitang inuulit nang ganap at di-ganap ang ipinakita sa talahanayan. Ito ay mga katutubong salita ng wikaing Surigaonon-Cantilan. Lubos na pinatutunayan ng mga salitang ito na sa pagbuo ng mga salita sa wikang Cantilangnon, may mga ganap na pag-uulit. Mapapansin na kapag ganap ang pag-uulit sa mga salita, nagkaroon ng pagbabago ang patinig sa huling pantig nito tulad ng *duyum-duyom* at *utud-utod* ang ponemang /u/ sa unang salita ay nagiging /o/ sa pag-uulit nito.

Ang mga salitang di-ganap ang pag-uulit sa pagbuo ng mga katutubong salita ng wikang Cantilangnon ay may unlapi, ang salitang-ugat lamang ang inuulit at hindi isinasama sa pag-uulit ang panlapi. Nagkaroon naman ng pagbabago ang patinig na /o/ na nasa huling pantig ng salita. Nagiging /u/ sa unang hati ng pag-uulit ang /o/.

Kapag ang salita ay may kabilaan na panlapi tulad ng *tag-abay-abajan*, inuulit lamang ang salitang-ugat nito. Kung ang salitang-ugat naman ay nagtatapos sa ponemang /y/, nagkaroon ito ng pagbabago. Pinapalitan ang /y/ ng ponemang /j/ sa huling hati ng salita.

1.3 Tambalan

Tambalang salita ang tawag sa dalawang salitang pinagsasama para makabuo ng isa lamang salita. May dalawang pangkat ng tambalang salita: (1) yaong nananatili ang kahulugan ng dawalang salitang pinagtatambal at (2) yaong nagkakaroon ng kahulugang iba sa kahulugan ng mga salitang pinagsasama. Ang unang pangkat ay maaaring tawaging tambalang di-ganap o tambalang karaniwan, samantalang tinatawag naman na tambalang ganap ang ikalawa.

Tambalang di-ganap o tambalang karaniwan kung hindi nawawala ang taglay na kahulugan ng dalawang salitang pinagtatambal. Walang ikatlong kahulugan ang nabubuo. Halimbawa, sa tambalang salitang bahay-kubo, ang kahulugan ng bahay na "tirahan ng tao" at ang kahulugan ng

kubo na “maliit na bahay na yari sa mga karaniwang materyales” ay kapwa nananatili ang kahulugan sa salitang nabubuo. Tambalang ganap naman ang tawag kapag ang dalawang salitang pinagtatambal ay nakabubuo ng ikatlong kahulugang iba kaysa isinasaad ng mga salitang pinagsasama. Tulad ng bahaghari na nangangahulugang **rainbow** at hampaslupa na ang ibig sabihin ay pulubi.

Mayroon ding mga salitang pinagtatambal nang ganap at di-ganap sa wikaing Surigaonon-Cantilan na ipinapakita sa kasunod na talahanayan.

Talahanayan 5. Mga Salitang Surigaonon-Cantilan na Pinagtatambal nang Ganap at Di-ganap

Mga Salitang Surigaonon-Cantilan na Pinagtatambal nang Ganap at Di-ganap	
Salitang Cantilangnon	Salitang Filipino
Tambalang ganap	
<i>dahontubo</i>	isda
<i>utodpusod</i>	Magkapatid
Tambalang Di-ganap	
<i>tabang-lusngo</i>	pagtulong nang hindi tapat
<i>dyagan-panaw</i>	patakbong paglalakad

Ipinakikita sa talahanayan na ang salitang pinagtatambal nang ganap tulad ng salitang *dahon* ‘bahagi ng halaman’ at *tubo* ‘uri ng halaman’ ay nagkaroon ng pangatlong kahulugan na isang uri ng isda. Gayundin ang ikalawang halimbawa, nagkaroon ng pangatlong kahulugan na ‘magkapatid’ ang dalawang salitang pinag-uugnay, ang utod ‘putol’ at *pusod* ‘pusod’. Makikita rin na isinusulat nang wala nang gitling ang salitang pinagtatambal nang ganap upang mapaiba sa mga tambalang di-ganap. Samantala ang mga salitang pinagtatambal nang di-ganap ay mayroong gitling at literal na kahulugan tulad ng salitang *tabang-lusngo* na nangangahulugan ng pagtulong nang hindi tapat.

IV. Kongklusyon

Bahagi ng estruktura ng wika ang pag-aaral ng pagbubuo ng mga salita ng isang partikular na wika. Itinuturing din itong estruktura ng salita sapagkat sa bahaging ito pinag-aaralan at inilalarawan ang wastong pagkakaugnay-ugnay ng mga tunog hanggang sa makabuo ng isang makabuluhang salita na may taglay na natatanging kahulugan.

Ang wikaing Surigaonon-Cantilangnon ay nagtataglay ng mga katangian sa pagbuo ng mga salita. Hindi mapasusubalian ang mahalagang ambag ng mga panlapi na ikinakabit sa mga salitang-ugat ng wikang pinag-aralan. Lubos na nagpapayaman sa wika ang paglalapi sa mga

salita. Nagkaroon ng mga salitang pangngalan, pandiwa at pang-uri ang wikang Cantilangnon dulot ng mga panlapi. Ipinakikila ng mga panlaping makadiwa ang aspekto ng pagganap ng kilos na isinasaad sa salita. Kaantasan naman at uri ng salitang naglalarawan ang isinasaad ng mga panlaping makauri at katangian naman ng isang pangngalan ang isinasaad ng panlaping makangalan. Nakabuo ng mga kayarian ng salita ang mga morpema ng wikaing Surigaonon-Cantilangnon. Tinataglay nito ang ganap at parsyal na pag-uulit at pagtatambal.

Ang mga nabuong salita sa wikang Cantilangnun ay ginagamit ng mga mamamayan sa mga bayan ng CarCanMadCarLan. Sa mga salitang ito sila lubos na nagkakaintindihan. Malinaw nilang naipahahayag ang kanilang mga damdamin at adhikain gamit ang mga salitang Cantilangnun. Sapat na itong patunay na mas nagkakaunawaan nang mabuti ang nag-uusap kung parehong alam nila ang wikang ginagamit sa komunikasyon.

V. Rekomendasyon

Kilalanin at taglaying unang wika ng mga mamamayan ng mga bayan na sakop ng pag-aaral ang wikang Cantilangnun dahil ito ang wikang kinamulatan sa pamilya at sa lipunan. Gamiting batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na kinakailangan ng DepEd para sa kanilang kurikulum maging sa pagtuturo ng estruktura ng wika sa kolehiyo. Ang wikang ito ang gamiting unang wika at gamiting midyum sa pagtuturo ng mga asignaturang gumagamit ng unang wika.

Isa ito sa mga wika sa Pilipinas, kung gayon, dapat lamang itong makilala at maisama sa mga kinikilalang wika sa Pilipinas. Upang mapapanatili ang pagpapayabong at pagpapayaman sa wikang ito, mahalagang gamitin ito palagi nito upang hindi maglaho. Labanan ang negatibong impluwensiyang dala ng makabagong teknolohiya sa pamamagitan ng paggamit nito sa iba't ibang paraan ng pakikipag-ugnayan.

MGA REPERENSYA

- [1] Bacalla, L. A. (2019). Morpo-analisis ng wikangTagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral. *International Journal of Research Studies in Education*. https://www.researchgate.net/publication/334172718_Morpo-analisis_ng_wikangTagalog_at_wikang_Sugbuanun'g_Binisaya_Pahambing_na_pag-aaral/citation/download
- [2] _____ (2020). Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano: Morpo-Analisis na Pag-aaral. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Volume 8, No. 4. <http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2020/10/APJMR-2020.08.04.08.pdf>
- [3] Chomsky, N. (1965). *Aspects of the theory of syntax*. Cambridge, Mass: The MIT Press.
- [4] Goruma, J. A. (2021). Morpolohikal na Pagsusuri sa Wikang Ceb-Waray. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, Vol. 9, No. 1, March 2021. <https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-007a.pdf>

- [5] KWF (Komisyon sa Wikang Filipino). (2000). Diksiyunaryo Filipino-English. Manila: Bertan Pres.
- [6] Lacsamana, L.C (2021). Ang mga katutubong wika: tungo sa pagbuo ng isang matatag at maunlad na bansang Filipino. <https://universitas.uap.asia/articles/ang-mga-katutubong-wika-tungo-sa-pagbuo-ng-isang-matatag-at-maunlad-na-bansang-filipino>.
- [7] Misa, R. M. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng President Ramong Magsaysay State University. <https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2021/10/I215105868.pdf>
- [8] Nuncio, R. V. et al. (2020). Leksikal na Baryasyon ng mga Terminong Filipino, Bikol, at Cebuano. https://www.researchgate.net/publication/343577569_Ang_Ugnayan_ng_Wika_Pananaliksik_at_Internasyonalisyong_Akademiko
- [9] Ong, F. G. (2004). The dialect of Cantilan. Quezon City: 4J Printing.
- [10] Pasion, R. M. (2015). Yang pagbul'lok.bul'lok: Varyasyon ng wikang Mandaya sa ilang munisipalidad ng Davao Oriental. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research Vol.2 No.6.
- [11] Pasion, R. M. (2014). Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental. Asia Pacific Journal Education, Arts and Sciences Vol.1 No.5.
- [12] Samarca, A.Y. at Sandoval, MA. S. (2022). Pagsusuri sa Estrukturang Ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences Vol. 20 Special Edition.